# iFilipino 5 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I.** Basahin ang mga pahayag o katanungan sa bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay ulat na maaaring pasulat o pasalita ng mga bagay na naganap na, nagaganap, o magaganap pa lamang. Ito ay paglalahad at pagsasalaysay ng mga bagay at pangyayaring may halaga sa kabatiran ng madla. Ang balita ay naglalahad ng mga pangyayaring nagaganap sa loob at labas ng bansa.
   a. Balita
   b. Dyaryo
   c. Radyo
   d. Kalendaryo

2. Ito ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng pangalan ng tao, bagay, hayop, pook, pangyayari, at maraming pang iba.
   a. Pandiwa
   b. Pangngalan
   c. Panghalip
   d. Pang-abay

3. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng pangngalang pambalana maliban sa:
   a. Paaralan
   b. Sabon
   c. Laruan
   d. Zonrox

4. Alin sa mga sumusunod ang pangngalang pantangi.
   a. Parke
   b. Hospital
   c. Palengke
   d. Manila Zoo

5. Ito ay salitang humahalili o pumapalit sa ngalan o sa pangngalan na nagamit na sa parehong pangungusap o kasunod na pangungusap. Ang salitang panghalip ay nangangahulugang "panghalili" o "pamalit".
   a. Pandiwa
   b. Pang-abay
   c. Panghalip
   d. Pantangi

6. Alin ang kasingkahulugan ng salitang ilegal.
   a. Bawal na gawain
   b. Masama
   c. Pasaway
   d. Mabuting gawain

7. Ito ay naglalayong magbigay ng sapat at wastong impormasyon na makatutulong sa araw-araw.
   a. Tekstong pang-medisina
   b. Tekstong pang-negosyo
   c. Tekstong panturo
   d. Tekstong pang-impormasyon

8. Ito ay katawagang panlingguwistika sa mekanismo ng pagbigkas tulad ng pagtaas at pagbaba, paghaba at pag-ikli at paglakas at paghina ng mga ponema o tunog sa isang wika.
   a. Tono
   b. Intonasyon
   c. Ponemang segmental
   d. Ponemang supresegmental

9. Ang mga sumusunod ay ang panghalip pamatlig maliban sa:
   a. Pronominal
   b. Pantukoy
   c. Patulad
   d. Panlunan

10. Ang uri ng panghalip pamatlig ang ipinapakita sa pahayag, "Ang sapatos na ito ay kay Alex."
   a. Pronominal
   b. Patulad
   c. Panlunan
   d. Panawag pansin

11. Ito ay isang masining na anyo ng panitikan na naglalayong maipahayag ang damdamin ng makata o manunulat nito. Kilala ito sa malayang paggamit ng wika sa iba't ibang anyo at istilo. Nagpapahayag ito ng damdamin at magagandang kaisipan gamit ang maririkit na salita.
   a. Dula
   b. Kwento
   c. Tula
   d. Pabula

12. Ito ang bilang ng pantig ng tula sa bawat taludtod na karaniwang may sukat na waluhan, labing-dalawahan, at labing-animan na pantig.
   a. Taludtod
   b. Saknong
   c. Sukat
   d. Anyo

13. Ang babae, lalaki, tao at tatay ay binibigkas ng ___________.
   a. Maragsa
   b. Malumi
   c. Malumay
   d. Mabilis

14. Ito ay tinatawag na indefinite pronoun sa Ingles ay salitang panghalili o pamalit sa pangngalan na sumasaklaw sa kaisahan, dami, bilang, o kalahatan.
   a. Panghalip Panaklaw
   b. Panghalip Pamatlig
   c. Pandiwa
   d. Pang-ukol

15. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng panghalip panaklaw.
   a. Lahat ng tao ay kailangan kumain ng tama.
   b. Siya ay mabuting ama.
   c. Gaano ka man kayaman hindi mo mabibili ang pag-ibig ko.
   d. Ito lamang ang mayroon ako.

16. Ito ay mga pahayag na nagsasabi kung paano maisasakatuparan ang isang gawain.
   a. Hakbangin
   b. Panuto
   c. Batas
   d. Mga paalala

17. Ito isang kasanayan sa pagsulat ng organisasyon ng pagkakahanay ng mga ideya tungkol sa isang paksa.
   a. Note taking
   b. Pagbabalangkas
   c. Burador
   d. Lathalain

18. Alin sa mga pangungusap ang hindi nagpapakita ng panghalip na pananong.
   a. Sino ang kukuha ng ulam na binili sa palengke?
   b. Saan mo ipapadala ang pasalubong?
   c. Gaano ka man kayaman hindi mo mabibili ang pag-ibig ko.
   d. Ilang bote ng suka ang ipinapabili ng nanay?

19. Ito ay kilala sa Ingles bilang interrogative pronoun ay mula sa salitang 'tanong', kaya't may pakahulugan itong 'pantanong'. Maaari itong isahan o maramihan na

ginagamit sa pagtatanong tungkol sa bagay, tao, hayop, pook, gawain, katangian, panahon at iba pa.

a. Panghalip Pananong
b. Panghalip
c. Panaklaw
d. Panghalip Pamatlig

20. Ano ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap. Siya ay mula sa pamilyang masasama ang budhi.
    a. Puso
    b. Kaisipan
    c. Kaalaman
    d. Kalooban

21. Liham na kadalasang ginagamit upang magbalita o makibalita, mangamusta, mag-anyaya o mag-imbita, bumati sa isang nagawagi o may kaarawan at makiramay sa iyong mga kaibigan.
    a. Liham Pangkaibigan
    b. Liham Pangnegosyo
    c. Liham Pakikiramay
    d. Liham Pagbati

22. Bahagi ng liham kung saan nakasulat ang mga nais iparating ng may-akda ng liham sa nais bigyan nito.
    a. Lagda
    b. Katawan ng Liham
    c. Pamuhatan
    d. Bating Panimula

23. Ito ay isang dokumentong may mga puwang para sa mahahalagang impormasyon. Ito ay karaniwang ginagamit upang likumin ang personal na impormasyon ng isang kasapi ng organisasyon sa o profile ng mag-aaral sa paaralan o ng mga kawani sa isang kompanya.
    a. Medical Record
    b. Pormularyo
    c. Kard
    d. ID

24. Ito ay mula sa salitang 'banggit' na may pakahulugang 'pambanggit' o 'pangsabi'. Ito ay parirala o kataga na tagapag-ugnay ng dalawang kaisipan o pananalita.
    a. Panghalip Panaklaw
    b. Panghalip Pamanggit
    c. Panghalip Pananong
    d. Pang-ukol

25. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi kinuha umano ni Rey.
    a. Ang sanggol diumano ay tinangay ng babaeng mahaba ang buhok.
    b. Ako raw ay ipinatatawag ni Binibining Malabanan.
    c. Kinuha umano ni Rey ang payong mo.
    d. Saan matatagpuan ang bahay ni Mang Kanor?

# iFilipino 5 – Answer Keys for Unit 1

**I.**

1. A
2. B
3. D
4. D
5. C
6. A
7. D
8. D
9. B
10. A
11. C
12. C
13. C
14. A
15. A
16. B
17. A
18. C
19. A
20. D
21. A
22. B
23. B
24. B
25. D